Fukushima International Association

# Fukushima NOW

Vol.15 (Nailimbag noong Pebrero, 2021)

Ang Prepekturang Fukushima International Association ay gustong ipakilala ang Fukushima sa iba't ibang wika sa tulong ng "Now"sa pamamagitan ng pag record ng mga tinig ng mga banyagang residente ng Fukushima at ang kani kanilang pag sisikap para makabangon matapos maganap ang sakuna, kahit na sa pama-magitan ng palitang panginternasyonal o pag sisikap ng iba't ibang organisasyon.Ang mga may iba't ibang wikang diyaryo ay puwedeng idownload sa homepage ng FIA.

Inumpisan noong taon ng 2011 buwan ng Mayo sa pamagat na 「Mag-kaisa Fukushima」 na ngayon ay may pamagat na 「Fukushima NOW」 ay, maglalathala ang ika-tatlong edisyon ngayong taon na itinatampok ang Mga Hakbang para sa Muling Pagbangon at Panunumbalik ng Prepektura ng Fukushima. Itinatampok ng huling seryeng ito ang tungkol sa muling pag gawa ng Anpo-gaki sa lugar ng produksyon.



## Muling buhayin・Prutas na maputla ang kulay sa mundo ng pilak



Larawan: Ang "amber na kulay" ng Anpo-gaki

Ang naganap na Great East Japan Earthquake at sakuna sa Fukushima Daiichi Nuclear Plant ay nagdulot ng malaking epekto sa mga sakahan at mga produkto nito dahil sa materyal ng radyoaktibo kaya ang mga produkto ng agriculture, forestry and fishery mula sa Fukushima ay pinigilan at binatikos ng mga nakakapinsalang usap-usapan. Dahil dito ang mga produkto ng agriculture, forestry and fishery at processed goods ay sumailalim sa pagsusuri ng monitoring ng materyal ng radyoaktibo、ipinahayag ang resulta ng pagsusuri at pinagsisikapang gawing garantisado at ligtas na pagkain. Isa sa mga maapektuhang processed goods ng malakas na lindol ay ang Anpo-gaki. Ang Anpo-gaki ay pinatutuyo at ibinibilad sa pamamagitan ng pagsusuob ng asupre, at dahil dito ay malambot ang laman ng binilad na Anpo-gaki, ito ay nagmula sa lunsod ng Date distrito ng Yanagawa na 90 taon na ang nakararaan. Ang mga magsasaka sa lugar ng Date ay inatasan ng prepektura ng Fukushima na mag pansariling kuwerentenas noong taon ng 2011～2012, dahil humina ang paggawa ng produkto ang lugar ng produksyon ay humarap sa krisis ng pagkawala ng produkto. Dahil dito, prenotektahan ang lugar ng produksyon at nagsagawa ng iba' t ibang mga diskarte tulad ng pag iinspeksyon sa lahat ng bahay ng magsasaka at ang mga taong nauukol kasama na ang kooperatiba ng magsasaka ay nagkaisa upang maunawaan ang paglilinis ng materyal ng radyoaktibo ng mga punong kahoy, ang kalagayan ng polusyon ng kaki upang maibalik ang ligtas at matiwasay na produksyon.Matapos humarap sa ganitong problema, ang pag gawa ng Anpo-gaki ay inumpisan ulit bilang modelo ng distrito noong taon ng 2013, kasalukuyan ang mga produktong gawa sa ligtas na lugar lamang ang pinapayagang magpadala.



Fukushima Mirai Agricultural Cooperatives Mr. Kazumata Seiichi Presidente ng samahan

Lunsod ng Date bayan ng Yanagawa ang kinalakihang bayan. Noong taon ng 1974 ay nagtrabaho bilang tagapagturo ng pagsasaka ng prutas. Noong maganap ang Great East Japan Earthquake ay naatasan bilang koordineytor ng mga magsasaka at administrasyon.Kasalukuyan president ng samahan ng malawak na lugar ng JA sa parteng Norte ng prepektura ng fukushima at saka ng 12 munisipalidad sa lunsod ng Soma.

**Q Paki istorya ang kasaysayan ng lugar ng produksyon ng Anpo-gaki.**

Ang paraan ng pag gawa ng Anpo-gaki ay itinatag sa dating Yanagawamachiisazawa noong 1922 at kumalat sa lugar ng pagawaan sa buong bansa. Nang mga panahong iyon ay sikat sa lugar ng Date ang paggawa ng silk (sericulture). Pag sasapit ang taglagas ay ang paggawa ng silk, at kung sa taglamig naman ay gagawa ng Anpo-gaki, kahit hindi na magtrabaho sa malayong lugar upang kumita tuwing uulan ng makapal na niyebe sa taglamig ay puwedeng palakihin ang kikitain sa pagsasaka kaya ang lugar ng Date ang naging lugar ng pagawaan ng Anpo-gaki.

**Q Matapos maganap ang aksidente sa Fukushima Daiichi Nuclear Power Plant, anong uri ng pakikitungo ang inyong ginawa?**

Ano ang nararapat gawain para muling makagawa ng Anpo-gaki,ilang beses kaming nakipag usap sa mga magsasaka upang ipaliwanag ang paraan kung papaano linisin ang mga mapanganib na sangkap ng radyasyon. May mga mararahas na pananalita din kaming natatangap habang nakikipag-usap sa kanila. Ngunit dahil sa nais naming mapanumbalik ang pagawaan ng Anpo-gaki, ilang beses naming ipinahayag ang nilalaman ng aming puso. Ang mga magsasaka, agrikultura, at mga indibidwal na taga-gawa ay nagkaisa at nag tulong tulong sa pag lilinis ng mapanganib na sangkap ng radyasyon. Ang resulta sa buong lugar ng Date inumpisahan sa lunsod pangalawa ay ang bayan at nahugasan namin ang 550,000 (limang daan limanpung libo) punong kahoy, at napag alaman din namin na ang bilang ng puno ng kaki ay umaabot sa 250,000 (dalawang daan limanpung libo) piraso.

**Q Paki salaysay kong ano ang kasalukuyang sitwasyon ng Anpo-gaki.**

Noong taon ng 2016 ang planta ng pagmamanupaktura na pinangalanang 「Anpo Kobo Mirai」 ay itinatag, karamihan sa tagagawa ay magkaka edad na kaya inaasahang bawasan ang mga gawain sa pagtatrabaho. Tungkol sa ibang bansa, ang paraan ng pagprepreserba ay may problemang tahakin,ngunit ang pag papadala sa bansa ng Dobai ay kasalukuyang nasa ilalim ng inspeksyon. Ang lugar ng pagawaan ng Anpo-gaki ay kasalukuyang tinatahak ang landas ng muling pagbabalik.

# Voices from Fukushima

## Kung iisipin ang naganap na Great East Japan Earthquake ・Sakuna sa Nuclear Power Plant

**(Mr. Jo Seni)** (Mula Shanghai China・ Kasalukuyang naninirahan sa bayan ng Mishima)

Si Mr. Jo Seni na aktibo bilang Local Vitalization Cooperator ay pamilyar sa bansang Hapon mula pa noong kanyang kabataan dahil sa impluensa ng kanyang tiyahin na siyang kauna-unahang estudyante na nag-aral sa ibang bansa na tinustusan ng gobyerno matapos normalisahin ang diplomatikang relasyon. Nang makapagtapos si Mr. Jo sa pag-aaral sa Ritsumeikan University ay nakapag trabaho siya sa Fukushima Prefectural Government Shanghai Office ng Tsina at naatasang mamahala sa pag-iimport ng mga produkto ng prepektura, naranasan niya ang Great East Japan Earhtquake na naganap sa bansang Hapon. Noong 2013 bilang Koordineytor ng Pandaigdigang Relasyon ng Jet program at nagtrabaho ng 5 taon sa Fukushima International Affairs Division, aming panayam kay Mr. Jo na nagsusumikap sa pag papalaganap ng wastong impormasyon.

(ZOOM interview: Disyembre 16, 2020)



**- Mr. Jo paki salaysayan mo kami ng iyong karanasan sa naganap na Great East Japan Earhtquake.**

Noong Marso 11, 2011 ako ay nasa paglalakbay sa prepektura ng Shizouka.Noong nakaraang araw ay dumating ako sa prepektura ng Fukushima mula Tsina, ako ay may iskedyul ng isang lingong pamamalagi sa bansang Hapon. Dahil sa rolling blackout na naganap sa Tokyo, hindi ako makapunta sa paliparan at hindi ako makahabol sa naka iskedyul na paglipad ng eroplano. Ito ang aking kauna-unahang karanasan ng rolling blackouts. Pitong taon na akong naninirahan dito sa bansang Hapon ngunit hindi ko alam ang wastong kahulugan ng salitang 「Unten miawase」 (pansamantalang sinuspinde)

**- Matapos maganap ang Great East Japan Earthquake ay pakisalaysay kung ano ang naging dahilan kung bakit napag-isipan mong magtrabaho dito sa prepektura ng Fukushima.**

Matapos maganap ang malakas na lindol ay dumami ang bilang ng trabaho para ipaliwanag ang kasalukuyang sitwasyon batay sa mga dokumento ng prepektura ng fukushima. Sa kadahilanang gusto kung malaman ang kasalukuyang sitwasyon ng prepektura ng fukushima ay pribado akong bumisita sa mga lugar na naapektuhan ng sakuna, pinakinggan ang mga tinig ng mga biktima at tumulong. Pagka dating ko sa prepektura ng Fukushima ay inanyayahan ko ang kaibigan ko sa ibang bansa at kaibigan ko dito sa bansang Hapon at ginabayan ko sila para ipaalam kung papaano ang pag-rerekonstruksyon. Karagdagan dito ay nagalak ako dahil nakalilala ako ng katulad kung dayuhang residente ng prepektura ng fukushima na sigasig sa pagtataboy ng mga tsismis.

**- Ano ang masasabi mo tungkol sa rekonstruksyon ng prepektura ng fukushima sa hinaharap?**

Nakakalungkot mang sabihin, mayroon paring mga kumakalat na tsismis tungkol sa prepektura ng fukushima hindi lamang sa ibang bansa kundi pati na rin sa loob ng bansa.Para sa akin ay importante ang patuloy na pag-update ng sitwasyon ng muling pagtatayo ng prepektura ng fukushima.At saka napag-isipan ko din na ang pag tira at pamumuhay ko sa prepektura ng fukushima ay makatutulong sa paghahatid ng balita tungkol sa kaligtasan at seguridad. Tatlong taon na akong naninirahan sa bayan ng Mishima na makapal ang ulan ng niyebe.ang makipag-ugnayan sa kalikasan ay mahalaga ang "katalinuhan at kahusayan". Sa pagtatayo ng mabuting kaugnayan ay magdudulot ng higit na kaginhawa sa iyong pamumuhay. Gusto kong magpatuloy sa pagkakaroon ng mahabang pakikipag-ugnayan sa prepektura ng fukushima.

# Scenes of Fukushima

**COVID-19 Hotline**

Sa prepektura ng fukushima ay isinagawa ang COVID-19 hotline para para sa mga dayuhang naninirahan sa prepektura sa pamamagitan ng pag konsulta sa telepono. Labing-siyam (19) na wika sa loob ng 24 oras ang makikitungo sa inyo. Libre ang pagkonsulta at pagtawag.Kung mayroon mang alalahanin, tumawag lang po.

Numero ng telepono: ０１２０－９９２－８６０

Nauukol na Wika: Ingles, Intsik, Vietnamese, Tagalog, Portugese, Espanyol, Koreano・Wika ng Norteng Koreano, Napeli, Wika ng Thai, Bahasa Indonesia, Wika ng Burma, Khmer, Wika ng Malay, Wika ng Mongolian, Wika ng Ruso, Wika ng Pranses, Wika ng Aleman, Wika ng Italyano, Wika ng Sinhala

※Sa libreng Appli ng 「LINE」 ay maaari ding komunsulta sa pamamagitan ng telepono.

Ang QR code ng LINE account→

**Impormasyon para sa pag susumikap makabangon buhat sa "Fukushima Restoration Station" iba't ibang wika** Sa Fukushima Prefectures official revitalization na may kaugnayang impormasyon portal site "Fukushima Restoration Station" ay naglunsad ng pinakabagong data para sa ligtas na pagkain at ang mga aktibidadis ng mga sumu-suporta sa Fukushima sa pamamagitan ng 10 na wika.*http://www.pref.fukushima.lg.jp/site/portal-english/*

**May nauukol sa 11 wika.**

**- Tanggapan sa pagtulong para sa mga dayuhang residente -**

Hapon・ Ingles・ Intsik・ Koreano・
Tagalog・ Portugese・ Vietnamese・
Thai・ Nepal・ Indonesia・ Espanyol

**Lingo-linggo mula Martes～Sabado**
**alas 9:00 a.m～5：15 p.m.**

Tagapaglathala

Fukushima International Association

〒960-8103 Funabacho 2-1, Fukushima City, Fukushima Prefecture

☎ 024-524-1315 📠 024-521-8308

✉ info@worldvillage.org

💻 http://www.worldvillage.org

Facebook https://www.facebook.com/fiainfo

Twitter https://twitter.com/fia_info

**◇Anunsiyo◇**

Ito ang pangwakas na isyu ng 「Fukushima NOW」 na nalathala sa pamamagitan ng suporta ng bawat isa. Maraming salamat sa walang sawa ninyong pag suporta hanggang ngayon.